Sa Japan, dumarami ang mga ipinanganak sa ibang bansang pasyente ng tuberkulosis na bata pa

Maskot ng Double-Barred Cross Seal Movement
"Seal Boy"

Alam ba ninyo ang tuberkulosis (TB)?

Matagal na bang may ganitong sintomas?

Kung 2 linggo o mas matagal pa, baka TB ?

Lagnat

Ubo, plema

Pananamlay ng katawan

Biglaang pagbaba ng timbang

Anong sakit ang tuberkulosis (TB)?

Sakit ang tuberkulosis (TB) na nakukuha sa pagkahawa mula sa paglanghap ng "Mycobacterium tuberculosis." Kahawig na kahawig ng sipon ang sintomas nito. Nalulunasan ang karamihan ng kaso ng tuberkulosis sa loob ng 6-9 na buwan kapag uminom ng gamot nang wasto. Ngunit lubhang mapanganib na nakakahawang sakit ito na kapag pinabayaan at hindi ginamot, maaaring mahawahan ng "Mycobacterium tuberculosis" ang tao sa paligid.

Upang maagang matuklasan ang tuberkulosis (TB)

Mayroon ding taong maaaring mag-test sa paaralan at kumpanya



Pumunta agad sa ospital kapag masama ang pakiramdam



Sumailalim sa X-ray test ng dibdib 1 beses sa 1 taon

Inilathala ng Health Promotion Division, Health and Welfare
Bureau ng Lungsod ng Hiroshima ℡ 082-504-2882